

Impormasyon para sa mga taong nagpositibo sa MRSA

Natanggap mo ang polyeto ng impormasyong ito dahil nagpositibo ka sa MRSA sa isang sample na kinuha ng serbisyong pangkalusugan. Makakahanap ka rito ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang MRSA at ano ang ibig sabihin nito para sa iyo.

Ano ang MRSA?

Ang Staphylococcus aureus ay isang uri ng bakterya na natural na matatagpuan sa balat, at kadalasan ding nasa ilong at lalamunan, sa maraming tao at hayop, kabilang ang mga alagang hayop. Ang MRSA ay isang uri ng Staphylococcus aureus na hindi tinatablan ng ilang uri ng antibiotic. Maaari kang magkaroon ng MRSA sa iyong balat, ilong o lalamunan nang hindi ka nagkakasakit o nakakaranas ng anumang sintomas. Tinatawag itong pagiging carrier ng MRSA. Itinuturing ka ring carrier ng MRSA kung ito ay unang natukoy kasunod ng isang impeksiyon. Kung minsan, ang Staphylococcus aureus ay maaaring magdulot ng impeksiyon, kadalasan sa balat o mga sugat, ngunit maaari ring mangyari ang iba pang uri ng impeksiyon.

Mapanganib ba ang pagiging carrier ng MRSA?

Karamihan sa mga taong carrier ng MRSA ay hindi nagkakaroon ng impeksiyon at hindi nagkakasakit dahil sa bakterya. Gayunpaman, kung magkakaroon ka ng impeksiyong dulot ng MRSA, maaaring mas mahirap itong gamutin kaysa sa iba pang impeksiyong dulot ng staphylococcus.

Paano naipapasa ang MRSA?

Maaaring matagpuan ang MRSA sa balat, ilong at lalamunan, at maaaring maipasa sa pamamagitan ng direktang kontak sa ibang tao. Maaari rin itong maipasa sa iba sa pamamagitan ng mga kagamitan o mga ibabaw na hindi nalinis nang maayos. Pinakamadalas na nangyayari ang pagkahawa sa pagitan ng mga taong madalas na may malapit na kontak sa isa't isa.

Ano ang maaari kong gawin upang mabawasan ang panganib na makahawa sa iba?

- Hugasan nang mabuti ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig:
 - bago maghanda o kumain ng pagkain
 - pagkatapos gumamit ng palikuran
 - pagkatapos magkaroon ng kontak sa mga likido ng katawan, halimbawa, pagkatapos suminga
 - kapag halatang marumi ang iyong mga kamay
 - bago at pagkatapos bumisita sa ospital, pasilidad ng pangangalaga o iba pang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan
- Panatilihin malinis ang anumang sugat, gasgas at mga pantal na may lumalabas na likido, at takpan ang mga ito ng benda o plaster.
- Huwag magpahiram ng pang-ahit o tuwalya sa ibang tao.
- Labhan ang damit-panloob, mga tuwalya at sapin sa kama sa temperaturang 90°C kung kaya ng tela ang temperaturang ito.
- Kapag nililinis ang iyong bahay, punasan din ang mga hawakan ng pinto, hawakan ng mga kabinet at iba pang mga ibabaw na madalas hawakan.

Maaari ba akong pumunta sa nursery, paaralan o trabaho kung carrier ako ng MRSA?

Ang mga batang carrier ng MRSA ay maaaring pumasok sa nursery o paaralan at makilahok sa paglalaro at mga aktibidad sa paglilibang gaya ng dati.

May mga partikular na patakaran para sa mga taong carrier ng MRSA at

- nagtatrabaho sa mga ospital o pasilidad ng pangangalaga na may direktang pakikitungo sa mga pasyente
- nagtatrabaho kasama ng mga baboy, baka, tupa o kambing

Mas marami kang mababasang impormasyon tungkol dito sa seksiyon tungkol sa kung sino ang dapat mong abisuhan na carrier ka ng MRSA. Ang mga taong kabilang sa ibang grupo ng trabaho ay maaaring pumasok sa trabaho gaya ng dati, kahit carrier sila ng MRSA. Tandaang sundin ang payo upang mabawasan ang panganib na makahawa sa iba, gaya ng inilarawan sa itaas.

Sino ang kailangan kong abisuhan na carrier ako ng MRSA?

Ipaalam sa mga kawani na carrier ka ng MRSA kapag tumatanggap ka ng pangangalagang pangkalusugan, halimbawa, kapag nagpapatingin ka sa doktor o kapag na-admit ka sa ospital o pasilidad ng pangangalaga. Ang impormasyon na carrier ka ng MRSA ay nakatala rin sa iyong mga medikal na rekord. Makakatulong ito sa mga kawani ng pangangalagang pangkalusugan na maiwasan ang pagkalat ng impeksiyon at piliin ang tamang uri ng antibiotic kung sakaling magkaroon ka ng impeksiyon.

Dapat mong ipaalam sa iyong amo o institusyong pang-edukasyon na carrier ka ng MRSA kung ikaw ay

- nagtatrabaho sa mga ospital o pasilidad ng pangangalaga na may direktang pakikitungo sa mga pasyente
- isang estudyante at may kontak sa mga pasyente sa mga ospital at pasilidad ng pangangalaga bilang bahagi ng iyong pag-aaral
- nagtatrabaho kasama ng mga baboy, baka, tupa o kambing

Dapat ipaalam ng iyong **kabiyak o sinumang kasama mo sa bahay** na mayroon silang kabiyak o nakatira kasama ang isang taong may MRSA kapag sila ay tumatanggap ng pangangalagang pangkalusugan. Kailangan din nilang ipaalam sa kanilang amo o institusyong pang-edukasyon kung sila ay

- nagtatrabaho sa mga ospital o pasilidad ng pangangalaga na may direktang pakikitungo sa mga pasyente
- isang estudyante at may kontak sa mga pasyente sa mga ospital at pasilidad ng pangangalaga bilang bahagi ng iyong pag-aaral
- nagtatrabaho kasama ng mga baboy, baka, tupa o kambing

Kung hindi, hindi mo kailangang ipaalam sa iyong amo, katrabaho, kaibigan, paaralan o nursery na carrier ka ng MRSA.

Ano ang mangyayari kapag ako ay na-admit sa ospital o pasilidad ng pangangalaga?

Kung carrier ka ng MRSA, maaaring kailangang magsagawa ng mga pag-iingat kapag na-admit ka sa ospital o pasilidad ng pangangalaga upang mabawasan ang panganib na kumalat ang bakterya sa iba. Ang mga kinakailangang hakbang ay depende sa sitwasyon. Maaaring kabilang dito, halimbawa:

- Isang pribadong kuwarto na may sariling palikuran
- Pagsusuot ng mga kawani ng pangangalagang pangkalusugan ng mga kagamitang pamproteksiyon gaya ng mga guwantes, gown at panakip-bibig (face mask)
- Mas madalas na paglilinis ng mga kuwarto at kagamitan
- Sa mga ospital, maaaring kailanganin na ihiwalay ka. Nangangahulugan ito na hihilingin sa iyong manatili sa iyong kuwarto at hindi ka pahihintulutang gumamit ng mga pampublikong lugar o magkaroon ng malapit na kontak sa ibang mga pasyente.

Maaaring kailanganin din ang mga hakbang sa pagkontrol ng impeksiyon kapag tumatanggap ka ng pangangalagang pangkalusugan sa ibang lugar. Kahit na kinakailangan ang mga hakbang sa pagkontrol ng impeksiyon, may karapatan ka pa ring makatanggap ng parehong pangangalagang pangkalusugan gaya ng ibang mga pasyente.

Maaari ko bang maalis ang MRSA?

Sa ilang tao, kusang nawawala ang MRSA, samantalang sa iba, maaaring manatili ang bakterya sa katawan nang ilang buwan o kahit ilang taon. Sa ilang pagkakataon, maaaring nararapat na subukan ang paggamot upang maalis ang MRSA. Ito ay tinatawag na dekontaminasyon. Maaaring suriin ng iyong GP kung naaangkop ito sa iyo at mabigyan ka ng impormasyon tungkol sa paggamot.

Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong doktor kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa MRSA.